



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG MGA PAGHIHIRAP AY MAKAKAYANAN KAPAG ANG IMAN

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Mayaman man o mahirap, walang kumpletong magandang lagay dito sa mundo. Napakaraming paghihirap sa mundo. Paano tayo makakalayo sa paghihirap at mga bagay na ito. Gamit lang ang isang bagay, ang Iman. Maaari nilang gawin ang ano man at ito'y di mangyayari sa kahit na anong bagay. Kahit ano mang sakit, paghihirap o problema, kung mas malakas ang Iman ng tao, mas magiging madali sa kanya.

Sabi ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam sa hadith "Ang mga taong may napakaraming paghihirap/problema ay mga Anbiya." Kumpleto ang kanilang Iman. Pagkatapos ay mga Awliya, sahaba at ang mga ilan, Binibigyan ng Allah ang lahat ng paghihirap, gaano man ito kahirap wala silang pakialam dahil sa kanilang iman. Naniwala sila sa Allah at sinabing "Mula ito sa Allah." Pero sa paghina ng Iman, nagrerebelde ang mga tao at sasaktan nila ang sarili nila.

Sa paglakas naman ng Iman, ang mga problemang ito at paghihirap ay walang halaga. Sasabihin natin na "maliit na bagay lang ito." Dati, sa nakaraan, sabi rin sa Qur'an na sila'y magsisindi ng apoy at itatapon ka nila dito. Dalawang bagay lang pagpipilian mo, talikuran ang iyong pananalig o masunog. Sabi ng taong iyon "Magpapasunog ako sa apoy." Ito mula sa lakas ng Iman.

Di nila alam ang lihim na ito. They do not know this secret. May nakakaalam din na Iman ang lihim pero sabi ng Shaytan sa kanila wag kang naniwala. Ang di naniniwala ay maghihirap. Maghihirap habang buhay. Ang may kaunting iman ay ligtas at ang mga wala ay maghihirap lalo na sa Qiyama

Nawa'y bigyan tayo ng Allah ng Iman. In Sha Allah punuin niya ang puso natin ng Iman. In Sha Allah ito ang magpapadali. Mas maghihirap kapag ika'y nagrebelde at di naniniwala. Nawa'y ilayo ng Allah. Nawa'y buhayin tayo ng Allah sa iman at mamatay sa Iman In Sha Allah.

Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
8 August 2016/5 Zulqida 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

www.hakkani.org / www.hakkaniyayinevi.com